# ③ Paano talakayin ang bullying

## Kapag biktima ng bullying ang inyong anak

- Huminahon muna at manatiling kalma lamang. Huwag pilitin na tanongin ang bata. Igalang ang kanyang nararamdaman. Pakinggan ang kanyang sasabihin upang mapanatag ang kalooban ng bata.
- Pakinggan ang lahat ng kanyang sinasabi tungkol sa buhay-paaralan at relasyon sa mga kasamahan. Makipag-ugnay sa paaralan at sabihin nang detalyado ang nangyari, at makipag-konsulta sa kanila.
- Mahalagang mabatid ng bata na “tiyak na maprotektahan” “siguradong matutulongan” kahit anong mangyari. Maaaring maging isang paraan din ang hindi pagpunta sa paaralan upang maprotektahan ang sarili.

## Kapag biktima ng bullying ang ibang bata na malapit sa inyo

- Kahit na ang inyong anak ay hindi binu-bully, pag-usapan sa pamilya at kumonsulta sa guro sa paaralan para makahanap ng paraan upang maresolbahan ang problema ng bullying.
- Pagusapan sa pamilya na huwag sumali sa pagbu-bully.
- Mag-isip kasama ang bata kung anu-ano ang maaaring gawin o kung ano ang magagawa upang maiwasan ang bullying.



## Kapag nalaman na ang anak mismo ang nangbu-bully

- Huwag basta-basta lamang na papagalitan. Kausapin ang bata at intindihin na “kung bakit nagawa niya iyon” nang maunawaan ang pangatwiran ng bata.
- Pagusapan na kahit ano man ang naging dahilan, ipabatid na “hindi pa rin matatawaran ang pagbu-bully” at “ano ang mahalagang gawin simula ngayon”, pagkatapos maunawaan ang damdamin at ang mga sanligan nito.

### Mga halimbawa ng dapat gawin ng magulang kapag napansin na ang anak ay nangbu-bully, atbp.

- Humingi ng payo sa adviser, paaralan o sa eksperto ng bullying upang sama-samang haharapin ang problema patungo sa paglulutas.
- Ipaliwanag ng mabuti na hindi mapapatawad ang pang-aapi sa kapwa.Halimbawa, kahit na mag-day off sa trabaho para lamang harapin at makausap ang bata.
- Gumawa ng gawaing-bahay na kasama ang bata tulad ng pagluluto at paglilinis upang mag-uugnay at mas magiging malapit ang relasyon sa bata. (paglilikha ng pamumuhay)
- Seryosong papagalitan at pupurihan ang bata ng kasamang pagmamahal.Mayroong positibo at mabuting kalooban ang bata kahit na siya ay gumawa ng hindi magandang bagay. Mamahalin at tanggapin ng buo ang kadakilaan nito.
- Samahan ang bata sa paghihingi ng paumanhin sa ibang partido.

## Pagbabantay sa bata (Proteksyon)

May posibilidad na muling mangyari o magkaroon ng panibagong bullying pagkatapos humupa ang dating nagawang pagkakamali.
Kinakailangan pa rin na bantayan ang kalagayan, kilos at pananalita ng bata araw-araw.



## Para ma-solusyonan ang bullying


- Pag-usapan ang problema sa pagitan ng pamilya.
- Makipag-konsulta sa guro ng paaralan, magulang o kaibigan.
- Makipag-konsulta sa mga institusyon ng espesiyalista sa komunidad tungkol dito.

**Importante na harapin ang problema ng may kasama, hindi lamang mag-isa.**

## Batas Tungkol sa paglutas ng Bullying sa mga bata dito sa Kani

Sa unang pagkakataon sa Japan, ang lungsod ng Kani ay nagpatupad ng “Kani City Ordinance on Prevention of Child Bullying” dalubhasa sa pagpigil ng pagbubully sa bata. (Ipinatupad noong Oktubre 3, 2012)
Ang layunin ng batas na ito ay lumikha ng isang kapaligiran kung saan ang mga bata ay maaaring mamuhay at matuto nang may kapayapaan ng isip sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kamalayan sa bawat responsibilidad at pagkakaisa ng lungsod, paaralan, magulang, tagapag-alaga, mamamayan, at mga kaugnay na institusyon upang maiwasan at malutas ang problema ng pang-aapi.
Ang “Bullying Prevention Experts Committee” ay nabuo alinsunod sa ordinansang ito.

Kani City Anti-bullying Ordinance




Imporante na turuan ng magulang ang bata tungkol sa bullying at kung paano ito nakakasama sa kapwa.

## Makikipagtulungan ang lahat ng mamamayan upang protektahan ang mga bata

Sa lungsod ng Kani ay, nagpapatunay ng institusyon o organisasyon bilang “Anti-bullying Cooperative Institution and Organization” para sa pagpapatupad ng pag-iwas sa bullying ng komunidad.
Nakadikit ang sticker na nakikita sa ibaba ang mga institusyon na mayroong patnubay.

Ang mga Anti-bullying Cooperative Institutions ay aktibong nakikilahok sa mga lokal na aktibidad para sa pagpigil ng pagbubully tulad ng pagbabantay ng sitwasyon tuwing pagpunta o paguwi mula paaralan at pagkukumusta sa mga bata.
Pakiusap na kapag nakitaan na iba ang kalagayan ng bata o mahinalaan na posibleng nakakaranas ng pambubully ay importanteng ipagbigay alam ito sa paaralan, Committee of Experts for Anti-bullying, Anti-bullying Cooperative Institutions, at kaugnay na mga institusyon ang mga impormasyon.
Sama-sama natin pahahalagaan ang kaligayahan ng mga bata.




③ Paano talakayin ang bullying